**Journal of Multidisciplinary in Education |ISSN 3082-5024/3082-5237**
**AARRC CONSCRIPTOR PUBLISHING CORP |** Volume 1 | Issue 3| AUGUST 2025

**LEADING PRACTICES IN EDUCATION: COMPENDUIM OF RESEARCH ON STRATEGIES INTERVENTION AND EDUCATOR WELL-BEING**

# Mga Salik na Nakakaapekto sa Interes ng mga Mag-aaral sa Asignaturang Filipino

Julieta T. Barroga
julieta.barroga@deped.gov.ph

***Abstract***

The Filipino language is not only a medium of communication but also a reflection of the culture, history, and identity of the Filipino people. Despite the Department of Education's efforts to strengthen Filipino across educational levels, declining student interest in the subject—particularly in Senior High School—remains a concern.

This study aimed to identify the factors affecting student interest in the Filipino subject and determine effective strategies to enhance their motivation and academic performance.
A descriptive-quantitative research design was employed using a validated survey questionnaire. The study involved 363 Grade 11 and 12 students from Cluster 2 schools in Moncada, Tarlac. A Likert scale measured levels of student interest based on components such as learning materials, teacher strategies, technology, and classroom environment.

Findings revealed that the overall interest level in the Filipino subject was "High" (mean = 3.35). Factors contributing positively included lesson relevance to real-life experiences, the use of visual aids and literary texts (mean = 3.49), interactive activities, and educational technologies such as Google Classroom and mobile learning apps (mean = 3.49). Teacher strategies like gamification and contextualized instruction (mean = 3.47), along with a positive classroom environment (mean = 3.52), also significantly influenced motivation.

Nevertheless, barriers such as limited learning resources, lack of home support, and overreliance on extrinsic motivation were identified. Anchored in Self-Determination Theory, the study recommends the integration of local cultural content and more opportunities for creative expression to nurture students' intrinsic motivation.

**Keywords**: Educational Technology, Filipino Language, Learning Motivation, Senior High School, Student Interes

## INTRODUCTION

Ang asignaturang *Filipino* ay isa sa mga pangunahing asignatura sa sistemang pang-edukasyon ng Pilipinas. Mula sa elementarya hanggang kolehiyo, ito ay nagsisilbing mahalagang instrumento sa paglinang ng mga kasanayan ng mga mag-aaral sa wika, komunikasyon, at mas malalim na pag-unawa sa kulturang Pilipino (Gonzales, 2019).

Ayon sa K-12 Curriculum ng *Department of Education* (DepEd, 2023), layunin ng pagtuturo ng Filipino na hubugin hindi lamang ang kasanayan sa pagbasa at pagsulat, kundi pati na rin ang mapanuring pag-iisip, pagpapahalaga sa sariling kultura, at kakayahang mabisang makipagtalastasan.

Sa kabila ng mga layuning ito, patuloy na hamon sa mga paaralan, lalo na sa antas ng *Senior High School* (SHS), ang mababang akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa Filipino. Batay sa datos mula sa *Program for International Student Assessment* (PISA) noong 2018, maraming 15-taong-gulang na mag-aaral sa Pilipinas ang nakitaan ng kakulangan sa kasanayan sa pagbasa at pag-unawa ng mga teksto kung ihahambing sa mga mag-aaral mula sa ibang bansa (Bautista, 2023). Nagpapatunay ito na may mga umiiral na hadlang sa epektibong pagkatuto sa Filipino.

Ipinapakita ng pag-aaral nina Tomas et al. (2021) na maraming salik ang nakaaapekto sa pagkatuto ng Filipino. Ilan sa mga ito ay ang kawalan ng sapat na kasanayan sa pagbabasa, limitadong akses sa mga kagamitang pampagkatuto, at kakulangan ng suporta mula sa kapaligiran ng mga mag-aaral. Dagdag pa rito, lumalabas sa pananaliksik nina De Jesus at Gravoso (2019) na ang mababang partisipasyon sa klase ay inuugat sa kawalan ng motibasyon ng mga mag-aaral, kakulangan ng koneksyon sa mga aralin, at kawalan ng inobatibong estratehiya sa pagtuturo.

Samantala, ayon kina Francisco at Arquiza (2020), mas mataas ang antas ng akademikong pagganap ng mga mag-aaral kapag ang mga guro ay gumagamit ng interaktibo at kontekstuwal na mga pamamaraan sa pagtuturo ng Filipino. Kabilang dito ang dramatization, integrasyon ng social media, at mga proyektong nakaugat sa lokal na kultura. Pinalalalim din ng mga paksa na may kaugnayan sa personal na karanasan at pang-araw-araw na buhay ang interes at partisipasyon ng mga mag-aaral
Mahalaga ring isaalang-alang ang mga salik na sikolohikal sa pagkatuto ng wika. Ayon sa teorya ng *language acquisition*, ang *affective filter*—tulad ng kaba, kawalan ng tiwala sa sarili, at kakulangan ng motibasyon—ay maaaring magsilbing hadlang sa matagumpay na pagkatuto ng wika (Santiago & Cabanilla, 2022).

Napatunayan din nina Lumbre at Dela Peña (2023) na ang paggamit ng iba't ibang learning modalities, tulad ng *flipped classroom*, *collaborative learning*, at *technology-assisted instruction*, ay higit na nakapagpapataas ng interes at pagganap ng mga mag-aaral sa Filipino. Kaakibat nito,

ipinakita sa action research nina Reyes at Villanueva (2021) na ang paggamit ng malikhaing estratehiya—kabilang ang *spoken poetry*, *vlogging*, at *storytelling*—ay nakapagpapasigla ng aktibong partisipasyon sa klase.

Bagaman may malaking papel ang teknolohiya sa modernong edukasyon, hindi ito itinuturing na sapat na solusyon sa isyu ng mababang partisipasyon at motibasyon sa Filipino. Ayon kay Lausa (2024), sa kabila ng mga programang pang-edukasyon ng pamahalaan—tulad ng libreng edukasyon, pamamahagi ng aklat, at integrasyon ng *ICT*—nananatili pa rin ang hamon sa pag-engganyo ng kabataan sa pag-aaral ng Filipino.

Higit pa rito, may mga panlabas at panloob na salik na dapat isaalang-alang sa pagtuturo ng Filipino. Kabilang dito ang estilo ng pagtuturo ng guro, kalagayang emosyonal ng mga mag-aaral, suporta mula sa pamilya, at personal na interes sa asignatura. Binibigyang-diin nina Taladngoen et al. (2020) na ang tagumpay ng pagkatuto ay higit na naaapektuhan ng kaalaman sa lingguwistika, persepsyon, at interes ng mga mag-aaral sa pagbabasa at pag-aaral.

Sa kabuuan, malinaw na kinakailangan ang masusing pagsusuri sa ugnayan ng interes ng mga mag-aaral, mga estratehiya ng guro, at akademikong pagganap sa Filipino. Hindi sapat ang pagkakaroon ng kurikulum; mahalaga ang pag-unawa sa aktwal na karanasan ng mga mag-aaral at ang pagiging epektibo ng mga metodolohiyang ginagamit ng mga guro sa silid-aralan.

Bunsod nito, layunin ng pananaliksik na ito na tukuyin ang mga estratehiyang epektibong nagpapataas ng interes at pagkatuto ng mga mag-aaral sa Filipino. Hangad din nitong makapagbigay ng konkretong rekomendasyon para sa mas mabisang pagtuturo ng Filipino sa Senior High School—isang hakbang tungo sa mas mataas na kalidad ng edukasyon at higit na pag-unawa sa sariling wika at kultura ng kabataang Pilipino.

## OBJECTIVES OF THE STUDY

Ang pagsasagawa ng pananaliksik na ito ay naglalayong tukuyin ang mga pangunahing salik na nagiging hadlang sa interes ng pag-aaral ng Filipino at ang mga estratehiyang maaaring makatulong upang muling buhayin ang interes ng mga magaaral. Ang mga natuklasang impormasyon ay magiging kapaki-pakinabang sa mga guro, tagapag-plano ng kurikulum, at mga policymakers upang mapabuti ang pagtuturo at pagkatuto ng wikang Filipino. Sisikaping tugunan sa pananaliksik na ito ang mga sumusunod na katanungan:

1.Ano ang antas ng interes sa pag-aaral ng asignaturang Filipino ng mga mag-aaral sa Senior High School?

2.Ano ang antas ng kahusayan ng mga sumusunod na salik batay sa karanasan ng mga mag-aaral sa:

a. Mga materyales sa pagkatuto;

b.Mga gawain at proyekto;

c. Paggamit ng teknolohiya;

d.Estratehiya sa pagtuturo ng guro; at

e.Kapaligiran ng silid-aralan

3. Anu-ano ang mga hamon ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino?

4. Ano ang mga posibleng hakbang o estratehiyang maaaring ipatupad upang mapataas ang interes ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng asignaturang Filipino?

5. Ano ang maaaring solusyon upang mapataas ang interes ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino at matugunan ang kanilang mga hamon sa pag-aaral ayon sa pananaw ng mga mag-aaral?

6. Makabuo ng isang balangkas

Ano ang mga posibleng hakbang o estratehiyang maaaring ipatupad upang mapataas ang interes ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng asignaturang Filipino?

**METHODOLOGY**

Ang pananaliksik na ito ay gumamit ng kwantitatibong disenyo,partikular ang cross-sectional survey design, upang masukat ang antas ng interes ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino at matukoy ang mga salik na nakaapekto rito. Ang pamamaraang ito ay angkop sapagkat layunin nitong makakalap ng datos mula sa malaking bilang ng tagatugon sa isang tiyak na panahon. Ginamit ang survey questionnaire bilang pangunahing instrumento sa pagkalap ng impormasyon, na pinoproseso sa pamamagitan ng estadistikal na pagsusuri upang makabuo ng mga kongklusyon batay sa mga pattern at ugnayan sa datos.

Ang populasyon ng pag-aaral ay binubuo ng mga piling mag-aaral ng Grade 11 at Grade 12 mula sa Cluster 2 ng mga paaralang Senior High School sa bayan ng Moncada, Tarlac. Gamit ang Yamane’s Formula na may 5% margin of error, nakuha ang sample size na 363 mag-aaral mula sa kabuuang populasyon na 3,930. Isinagawa ang stratified random sampling upang matiyak ang patas na representasyon ng bawat paaralan ayon sa kanilang laki. Ang bawat stratum ay binubuo batay sa paaralan, at mula rito ay kumuha ng random sample.

Ang layunin ng ganitong sampling ay upang makuha ang magkakaibang pananaw at karanasan ng mga mag-aaral sa Filipino, na nagbibigay ng mas malawak na konteksto sa resulta ng pananaliksik.

Ang instrumento sa pagkalap ng datos ay isang survey questionnaire na binuo batay sa mga kaugnay na literatura at naipaayos ayon sa payo ng mga eksperto upang masigurong may content validity (mean index = 0.80). Ang talatanungan ay nahahati sa mga bahagi na sumusukat sa antas ng interes ng mag-aaral, mga personal at panlabas na salik na nakaapekto sa interes, at mga mungkahing solusyon.

## RESULTS AND DISCUSSION

### Antas ng Interes ng mga Mag-aaral sa Pag-aaral ng Filipino

| Paaralan | Populasyon | Sample Size |
|---|---|---|
| Anao | 352 | 33 |
| Aringin | 185 | 17 |
| Balaoang | 150 | 14 |
| Eduardo | 813 | 75 |
| Moncada | 479 | 44 |
| Ramos | 563 | 52 |
| San Felipe | 335 | 31 |
| San Julian | 153 | 14 |
| San Manuel | 230 | 21 |
| San Pedro | 390 | 36 |
| Sapang | 140 | 13 |
| Ventinilla | 140 | 13 |
| Kabuuan | 3,930 | 363 |

Batay sa Talahanayan 1, may pangkalahatang mean na 3.35 ang antas ng interes ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino, na may interpretasyong "Mataas". Ipinapakita nito na sa pangkalahatan, positibo ang kanilang pananaw at aktibong pakikilahok sa mga gawaing pangklase.

Ang pinakamataas na mean (3.56) ay nasa pahayag na *"Ang asignaturang Filipino ay isa sa aking paboritong asignatura"*, na nagpapakita ng personal na pagkagiliw. Mataas din ang interes sa pakikilahok sa talakayan (3.49) at kagustuhang matuto pa (3.49). Pinakamababa naman, bagaman nasa parehong antas, ang *"May motibasyon akong mag-aral ng Filipino kahit walang pagsusulit o proyekto"* (3.37), na nagpapahiwatig ng impluwensiya ng external motivation.

**Talahanayan 1. Antas ng Interes sa Filipino**

Ayon sa Self-Determination Theory nina (Deci at Ryan, 2000), ang intrinsic motivation—o ang kasiyahan sa pagkatuto—ay mahalaga sa positibong resulta ng edukasyon. Ang resulta ngpananaliksik ay nagpapakita ng mataas na antas nito sa mga mag-aaral. Suportado rin ito ng mga lokal na pag-aaral nina (Daza at Gloria, 2021), na binigyang-diin ang papel ng kulturang may kabuluhan at makabagong metodolohiya gaya ng social media sa pagpapaigting ng interes.

Gayunpaman, ang mas mababang mean sa aspeto ng intrinsik na motibasyon (3.37) ay nagpapahiwatig ng pangangailangan na magdisenyo ng mga gawaing malikhain at personal na may kabuluhan, upang higit pang mapaunlad ang interes ng mga mag-aaral sa Filipino.

### Antas ng Kahusayan Batay sa Karanasan ng mga Mag-aaral sa mga Materyales sa Pagkatuto

Makikita sa Talahanayan 2a na ang mga mag-aaral sa Senior High School ay may Mahusay na karanasan sa paggamit ng mga materyales sa pagkatuto sa asignaturang Filipino, na may pangkalahatang mean na 3.49. Ipinapakita nito ang positibong pananaw ng mga mag-aaral hinggil sa kalidad, kahalagahan, at pagiging accessible ng mga aklat, visual aids, at digital resources.

Ang pinakamataas na mean (3.60) ay nasa pahayag na *"Ang mga babasahing pampanitikan ay makabuluhan at nagbibigay-aral"*, na nagpapahiwatig ng mataas na pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa nilalaman ng mga tekstong ginagamit sa klase. Mataas rin ang mean para sa visual aids (3.57), na nagpapakita ng bisa ng mga biswal na kagamitan sa pagpapalalim ng pag-unawa.

**Talahanayan 2a Karanasan ng Mag-aaral sa Materyales na Pagkatuto**

Ayon kina (Jimenez, 2020 at Almacen & Labitad, 2024), ang paggamit ng makabuluhan at multimodal na materyales sa pagtuturo ng Filipino ay nagdudulot ng mas mataas na engagement at pag-unawa, lalo na para sa mga visual at auditory learners. Dagdag pa rito, itinuturing nina (Murillo et al., 2022) na ang accessibility ng digital resources ay mahalaga sa flexible learning, na tumutugon sa pangangailangan ng mga mag-aaral sa bagong normal na edukasyon

Sa kabuuan, ang mataas na antas ng kahusayan sa paggamit ng mga materyales ay nagpapakita ng positibong karanasan sa pagkatuto ng mga mag-aaral, na mahalagang salik sa pagpapaigting ng kanilang interes at tagumpay sa asignaturang Filipino.

### Karanasan ng mga Mag-aaral sa Gawain at Proyekto sa Filipino

Batay sa Talahanayan 2b, lumitaw na may pangkalahatang mean na 3.50 ang antas ng kahusayan ng mga mag-aaral sa mga gawain at proyekto sa Filipino, na may interpretasyong "Mahusay." Ipinapakita nito na positibo ang karanasan ng mga mag-aaral sa mga aktibidad sa klase.

Ang pinakamataas na mean (3.58) ay sa pahayag na *"Ang mga gawain sa klase ay nakakaengganyo at hindi nakakabagot,"* na nagpapakita ng mataas na antas ng engagement. Mataas rin ang mean sa mga pahayag na tumutukoy sa pagkamalikhain (3.53), pagpapamalas ng kakayahan (3.53), at pagkakataong makipagtulungan (3.53).

**Talahanayan 2b. Antas ng Kahusayan sa Gawain at Proyekto**

**Journal of Multidisciplinary in Education** |ISSN 3082-5024/3082-5237
**AARRC CONSCRIPTOR PUBLISHING CORP** | Volume 1 | Issue 3| AUGUST 2025



| Item | Mean | Interpretasyon |
|---|---|---|
| Interaktibong gawain, di-nakakabagot | 3.58 | Mahusay |
| Malikhaing gawain at proyekto | 3.53 | Mahusay |
| Makabuluhang aplikasyon at kooperasyon | 3.53 | Mahusay |
| Pangkalahatang Mean | 3.5 | Mahusay |

Ang resulta ay sinusuportahan ng pag-aaral nina (Pimentel, 2025 at Jones, 2020) na nagsasaad na ang makabuluhan at malikhaing gawain ay nakapagpapataas ng interes at kasanayang komunikatibo. Samantala, ayon kina (Sambayon et al., 2023) at (Mutong & Marzan, 2024), ang authentic at performance-based tasks ay humuhubog ng functional literacy at kritikal na pag-iisip.

Binibigyang-diin din ng datos ang kahalagahan ng malinaw na panuntunan, kalayaan sa pagpapahayag, at sapat na oras sa paggawa ng proyekto. Ayon kina (Miertschin et al., 2025) at (Bushi et al., 2024), ang mga ito ay mahalaga upang matiyak ang kalidad ng output at mabawasan ang stress ng mag-aaral.

Sa kabuuan, ang mga gawaing student-centered, interaktibo, at makabuluhan ay epektibong nakatutulong sa pagpapaunlad ng wika, kognitibong kasanayan, at panlipunang pakikilahok ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino.

**Karanasan ng mga Mag-aaral sa Paggamit ng Teknolohiya sa Filipino**

Batay sa Talahanayan 2c, lumitaw na may pangkalahatang mean na 3.49 ang antas ng kahusayan ng mga mag-aaral sa paggamit ng teknolohiya sa pag-aaral ng Filipino, na may interpretasyong “Mahusay.” Ipinapakita ng datos na malaki ang naitutulong ng teknolohiya sa pagpapadali ng pagkatuto, pagpapasigla ng interes, at pagpapalawak ng kaalaman.

Pinakamataas ang mean sa pahayag na *“Natututo akong maging mas independent sa pag-aaral gamit ang teknolohiya”* (3.60), na nagpapakita ng autonomous learning. Mataas rin ang rating ng paggamit ng digital tools gaya ng PowerPoint, Google Classroom, at online quizzes (3.49), pati na rin ang apps at websites para sa karagdagang kaalaman (3.51).

**Talahanayan 2c. Antas ng Kahusayan sa Paggamit ng Teknolohiya**

| Item | Mean | Interpretasyon |
|---|---|---|
| Pagkatuto gamit ang teknolohiya | 3.54 | Mahusay |
| Digital tools at online platforms | 3.49 | Mahusay |
| Independent learning | 3.6 | Mahusay |
| Pangkalahatang Mean | 3.49 | Mahusay |

Ang resulta ay sinusuportahan ng pananaliksik nina Mutong at Marzan (2024), na nagsasaad na ang digital platforms ay epektibo sa pagsasagawa ng mga performance tasks. Ayon din kina (Bacomo et al., 2022 at Jones, 2020), ang teknolohiya ay mahalaga sa pagpapahusay ng kakayahang magpahayag, malikhaing pagkatuto, at transkultural na pagkakakilanlan sa wika.

Binibigyang-diin rin ng DepEd Memorandum No. 162, s. 2020 ang papel ng ICT-based tools bilang tugon sa mga hamon sa edukasyon, partikular noong pandemya, kung saan naging mahalaga ang blended learning sa pagpapatuloy ng pagkatuto.

Sa kabuuan, ipinapakita ng mga datos na ang paggamit ng teknolohiya sa Filipino ay epektibo at makabuluhan, at nag-aambag sa mas mabilis, interaktibo, at malayang pagkatuto ng mga mag-aaral.

## Estratehiya sa Pagtuturo ng Guro sa Asignaturang Filipino

Batay sa Talahanayan 2d, nakakuha ng pangkalahatang mean na 3.47 ang antas ng kahusayan ng mga mag-aaral batay sa mga estratehiya sa pagtuturo ng guro sa Filipino, na may interpretasyong "Mahusay." Nangunguna sa mga pahayag ang pagbibigay ng positibong feedback at suporta (3.56), malinaw na pagpapaliwanag ng aralin (3.50), at paggamit ng makabagong pamamaraan gaya ng teknolohiya at interaktibong aktibidad (3.49), na nagpapakita ng epektibong ugnayan at pedagogical approach ng mga guro.

**Talahanayan 2d. Antas ng Kahusayan sa Estratehiya ng Guro**

| Item | Mean | Interpre-tasyon |
|---|---|---|
| Positibong feedback ng guro | 3.56 | Mahusay |
| Malinaw na pagpapaliwanag | 3.5 | Mahusay |
| Makabagong estratehiya (teknolohiya/inter aktibo) | 3.49 | Mahusay |
| Pangkalahatang Mean | 3.47 | Mahusay |

Ayon kina Bacomo et al. (2022), ang teacher-guided instruction ay positibong nakaaapekto sa self-efficacy ng mga mag-aaral. Sinusuportahan din ito ng pananaliksik nina Mutong at Marzan (2024) na nagpapakita ng bisa ng performance task mapping at kolaboratibong estratehiya sa pagpapataas ng aktibong partisipasyon sa klase. Dagdag dito, binigyang-diin ni Jones (2020) ang paggamit ng creativity at translingual practices sa pagtuturo ng wika upang palalimin ang koneksyon ng mga mag-aaral sa sariling kultura. Si Pimentel (2025) naman ay nagpahayag na ang contextualized reading

interventions ay epektibo sa pagpapalinaw ng mga aralin sa Filipino.

Ayon sa DepEd Order No. 21, s. 2019, iniaatas ang paggamit ng learner-centered, inclusive, at responsive teaching strategies upang paunlarin ang mga kasanayang kritikal sa ika-21 siglo. Ang resulta ng pag-aaral na ito ay nagpapakitang aktibong isinasagawa ng mga guro ang mga estratehiyang ito sa kanilang pagtuturo.

Sa kabuuan, ipinapakita ng datos na mahalaga ang papel ng guro sa paghubog ng makabuluhang karanasan sa pagkatuto ng Filipino sa pamamagitan ng malinaw, interaktibo, at makataong estratehiya sa pagtuturo.

## Kapaligiran ng Silid-Aralan sa Pagkatuto ng Filipino

Batay sa Talahanayan 2e, nakuha ang pangkalahatang mean na 3.52 na may interpretasyong "Mahusay," na nagpapahiwatig ng positibong karanasan ng mga mag-aaral sa kapaligiran ng silid-aralan habang nag-aaral ng Filipino. Kabilang sa mga may pinakamataas na mean ay ang aktibong partisipasyon ng mga kaklase (3.57), sapat na kagamitan at pasilidad (3.57), at positibong classroom atmosphere (3.54).

**Talahanayan 2e. Antas ng Kahusayan batay sa Kapaligiran ng Silid-Aralan**

| Item | Mean | Interpretasyon |
|---|---|---|
| Aktibong partisipasyon ng kaklase | 3.57 | Mahusay |
| Sapat na kagamitan at pasilidad | 3.57 | Mahusay |
| Positibong classroom atmosphere | 3.54 | Mahusay |
| Pangkalahatang Mean | 3.52 | Mahusay |

Ayon kina Bacomo et al. (2022), ang maayos at positibong learning environment ay may direktang epekto sa motibasyon at pagganap ng mag-aaral, habang itinuturing ni Pimentel (2025) na mahalaga ang silid-aralan bilang suporta sa reading engagement at comprehension. Ganito rin ang pahayag ni Jones (2020), na binigyang-diin ang kahalagahan ng safe at respectful learning space upang mapalakas ang komunikatibong kakayahan ng mag-aaral.

Kaakibat nito, itinatakda ng DepEd Order No. 21, s. 2019 na dapat tiyakin ang malinis, ligtas, at organisadong silid-aralan bilang bahagi ng mabisang pagtuturo. Nakikita sa resulta na ang ganitong klaseng kapaligiran ay nagbibigay-daan sa aktibo, malaya, at mas interesadong partisipasyon ng mga mag-aaral sa Filipino.

Sa kabuuan, pinatutunayan ng datos na ang kapaligiran ng silid-aralan ay may mahalagang papel sa paghubog ng positibong karanasan sa pagkatuto—isang salik na tumutulong sa mas epektibong pagkatuto ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino.

**Mga Hamon ng mga Mag-aaral sa Asignaturang Filipino**

Batay sa Talahanayan 3, lumitaw na ang mga mag-aaral sa Senior High School ay nahaharap sa mga *katamtamang hamon* sa pag-aaral ng asignaturang Filipino (pangkalahatang mean = 3.05). Ang pangunahing hamon ay ang *kakulangan ng interes* (mean = 2.98), na ayon kina Racca at Lasaten (2016), ay dulot ng mas mataas na interes sa teknolohiya at wikang global gaya ng Ingles.Ang *limitadong access sa de-kalidad na materyales* (mean = 3.13) ay nagpapahirap sa mas malalim na pag-unawa, lalo na sa mga pampublikong paaralan na kulang sa na aklat at online resources. Kaugnay nito, ang *kawalan ng koneksyon ng aralin sa totoong buhay* (mean = 3.05) ay humahadlang din sa motibasyon ng mga mag-aaral. Ayon kay Delos Reyes (2020), mas epektibo ang pagkatuto kung nakabatay ito sa mga kontekstong pamilyar at makabuluhan sa estudyante.

Ipinakita rin sa datos na maraming mag-aaral ang nahihirapan sa *pagsasalita at pagsusulat sa Filipino* (mean = 3.10), bagay na ayon kay Kabagting (2020) ay bunga ng kawalan ng praktis sa pormal na gamit ng wika. Dagdag pa rito, hamon din ang *estratehiya ng pagtuturo* (mean = 3.03) at *kakulangan ng teknolohikal na kagamitan* (mean = 3.10) na hindi umaayon sa pangangailangan ng makabagong mag-aaral.

Sa kabuuan, bagama't katamtaman ang antas ng mga hamon, malinaw ang kanilang epekto sa kalidad ng pagkatuto. Ayon kina Garcia at Molina (2021), mahalagang isulong ang modernisasyon ng pagtuturo, paggamit ng teknolohiya, at kontekstuwalisadong paglapit upang mapataas ang interes at pagganap ng mga mag-aaral sa Filipino.

**Posibleng Hakbang o Estratehiyang Maaaring Ipatupad upang Mapataas ang Interes ng mga Mag-aaral sa Pag-aaral ng Asignaturang Filipino**

Ayon sa Talahanayan 4, tinatayang "Mataas" ng mga respondente ang mga posibleng estratehiya upang mapataas ang interes ng mga mag-aaral sa Filipino (pangkalahatang mean = 3.49). Pinakamataas sa mga ito ang *pag-uugnay ng aralin sa kultura at kasalukuyang isyu* (mean = 3.60), na ayon kina Santiago at Domingo (2020) ay

nagdudulot ng contextualized learning na mas makabuluhan sa mga mag-aaral.

Mataas ding naitala ang *pagbibigay ng pagsasanay sa komunikasyon* (mean = 3.55) at *pagsasagawa ng mga paligsahan* (mean = 3.52), na nagpapakita ng kahalagahan ng aktibong partisipasyon sa pagpapataas ng kumpiyansa sa sarili at interes, gaya ng natuklasan ni Gonzales (2020). Samantala, ang paggamit ng *makabagong estratehiya* gaya ng gamification, debate, at role-playing (mean = 3.51) ay suportado ng pag-aaral nina Zhou at Wei (2024) bilang epektibo sa pagsasabay sa interes ng makabagong kabataan.

Ang paggamit ng *teknolohiya* sa pag-aaral, kabilang ang educational videos at interactive modules (mean = 3.49), ay binigyang-diin ni Kalyani (2024) bilang mahalaga sa pagbuo ng positibong saloobin sa Filipino. Kahalintulad nito, ang *real-life applications* ng Filipino tulad ng paggawa ng vlog o blog (mean = 3.41) ay umaayon sa experiential learning theory ni Kolb, na nagbibigay-diin sa aktwal na karanasan bilang susi sa makabuluhang pagkatuto (Domogen, 2023).

Sa kabuuan, ang mga iminungkahing estratehiya ay nagpapakita ng malinaw na potensyal upang tugunan ang mga hamong kinakaharap sa pag-aaral ng Filipino. Ang mga ito ay maaaring magsilbing gabay sa pagbuo ng mas makabago, makabuluhan, at motibasyonal na karanasan sa pagtuturo ng Filipino sa Senior High School.

**Talahanayan 4 Posibleng Hakbang o Estratehiyang Maaaring Ipatupad upang Mapataas ang Interes ng mga Mag-aaral sa Pag-aaral ng Asignaturang Filipino**

| Item | Mean | Interpre-tasyon |
|---|---|---|
| Pag-uugnay ng aralin sa kultura at kasalukuyang isyu | 3.60 | Mataas |
| Pagsasanay sa komunikasyon | 3.55 | Mataas |
| Paggamit ng gamification, debate, role-playing | 3.51 | Mataas |
| Paggamit ng teknolohiya (videos, interactive modules) | 3.49 | Mataas |
| Pangkalahatang Mean | 3.49 | Mahusay |

**Talahanayan 5 Mungkahing Solusyon upang Mapataas ang Interes ng mga Mag-aaral sa Asignaturang Filipino**

| Item | Mean | Interpre-tasyon |
|---|---|---|
| pagdaragdag ng makabuluhang aktibidad na konektado sa tunay na | 3.56 | Mataas |
| pagpapayaman ng mga materyales sa pagkatuto | 3.54 | Mataas |
| suporta sa epektibong paggamit ng teknolohiya | 3.50 | Mataas |
| multimedia presentations, at interaktibong pamamaraan sa pagtuturo | 3.50 | Mataas |
| Pangkalahatang Mean | 3.51 | Mahusay |

Batay sa Talahanayan 5, ang mga mungkahing solusyon upang mapataas ang

interes ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino ay may pangkalahatang mean na 3.51, na may interpretasyong "Mataas". Pinakamataas sa mga ito ang pagdaragdag ng makabuluhang aktibidad na konektado sa tunay na buhay (mean = 3.56), gaya ng panayam at proyekto sa komunidad, na ayon kina Garcia at Molina (2021) ay nakapagpapataas ng motibasyon sa pamamagitan ng real-world learning.

Kasunod nito ay ang pagpapayaman ng mga materyales sa pagkatuto (mean = 3.54) at pagsasagawa ng mga patimpalak (mean = 3.54), na napatunayang epektibo sa pagpapahusay ng visual learning (Santos, 2022) at pagpapalalim ng pagpapahalaga sa wika (Delos Reyes at Villanueva, 2021). Malaki rin ang naging suporta sa epektibong paggamit ng teknolohiya (mean = 3.50) gaya ng multimedia presentations, at interaktibong pamamaraan sa pagtuturo (mean = 3.50), na parehong napatunayan sa mga pag-aaral nina Cruz at Hernandez (2021) at Ramirez at Lucero (2023) bilang mahalaga sa pagtaas ng engagement ng mag-aaral.

Ipinapakita ng mga resulta na mahalaga ang mga makabuluhang aktibidad, makabagong kagamitan, at mas aktibong partisipasyon upang mapataas ang interes ng mga mag-aaral sa Filipino. Ang mga mungkahing ito ay sumasalamin sa modernong pananaw sa edukasyon na nakatuon sa karanasan, teknolohiya, at koneksyon sa realidad ng mga mag-aaral.

## Conclusion and Recommendation

Batay sa isinagawang pananaliksik, lumitaw na may mataas na antas ng interes ang mga mag-aaral sa asignaturang Filipino, bunga ng makabuluhan at malikhaing pamamaraan ng pagtuturo. Ang mga estratehiyang tulad ng dula, spoken poetry, malikhaing pagsulat, at iba pang interaktibong gawain ay nagpalalim sa ugnayan ng mga mag-aaral sa asignatura. Ipinakita ng resulta na ang interes ng mag-aaral ay tumataas kapag ang nilalaman ng aralin ay may kaugnayan sa kanilang personal na karanasan at konteksto.

Bagama't may mga kinaharap na hamon sa proseso ng pagkatuto—tulad ng kakulangan sa kagamitan, limitadong oras, o iba't ibang uri ng distractions—napanatili pa rin ng mga mag-aaral ang positibong pananaw at motibasyon sa pag-aaral ng Filipino. Isa sa mga mahalagang salik sa pagharap sa mga hamong ito ay ang tuloy-tuloy na suporta mula sa guro, paaralan, at maging sa pamilya. Malinaw rin sa resulta na ang paggamit ng teknolohiya at makabagong kagamitan sa pagtuturo ay may positibong epekto sa

pagpukaw at pagpapanatili ng interes ng mga mag-aaral.

Napatunayan din na ang tamang interbensyon tulad ng sapat na konsultasyon, pagtutok sa pangangailangan ng mag-aaral, at pagbuo ng mga kontekstwal na kagamitang panturo ay epektibong tugon sa mga hamon ng pagkatuto. Ipinapakita ng kabuuang datos na ang interes sa Filipino ay hindi lamang bunga ng likas na hilig, kundi produkto rin ng sistematikong pagtuturo, makabuluhang karanasan, at suportang pang-akademiko.

Sa kabuuan, ang pagpapanatili ng interes ng mga mag-aaral sa Filipino ay nangangailangan ng kombinasyon ng makabagong estratehiya, makataong ugnayan sa pagitan ng guro at mag-aaral, at patuloy na pag-angkop sa kanilang pangangailangan at karanasan.

Batay sa mga natuklasan ng pananaliksik, inirerekomenda ang pagpapaigting sa paggamit ng makabuluhan at malikhaing estratehiya sa pagtuturo ng Filipino upang mapanatili at mapataas ang antas ng interes ng mga mag-aaral. Mahalaga ang paglalapat ng mga interaktibong gawain gaya ng dula, spoken poetry, talakayan, at malikhaing pagsulat upang gawing mas kawili-wili at konektado sa karanasan ng mga mag-aaral ang mga aralin.

Iminumungkahi rin ang integrasyon ng makabagong teorya sa edukasyon tulad ng Constructivism, Sociocultural Theory, at Humanistic Theory. Ang mga teoryang ito ay nagbibigay-diin sa kolaborasyon, kontekstuwalisasyon, at personalisadong pagkatuto, na napatunayang epektibo sa pagbibigay ng positibong karanasan sa klase.

Mahalagang paigtingin ang paggamit ng teknolohiya sa pagtuturo. Ang paggamit ng multimedia, educational apps, social media platforms, at interactive tools ay hindi lamang nagpapadali ng pagkatuto, kundi nagsisilbing motibasyon sa mga mag-aaral upang maging aktibo sa klase.

Bukod dito, inirerekomenda ang regular na pagsasanay at seminar para sa mga guro sa Filipino upang mapalawak ang kanilang kaalaman sa modernong pedagogiya. Dapat ding buuin ang isang gabay na balangkas sa pagtuturo na nakabatay sa mga resulta ng pananaliksik upang magsilbing praktikal na sanggunian sa pagdisenyo ng aralin.

Higit pa rito, mahalaga ang aktibong partisipasyon ng mga magulang at komunidad sa mga programang pangwika upang

mapalawak ang konteksto ng pagkatuto. Inirerekomenda rin ang tuloy-tuloy na monitoring at ebalwasyon ng mga estratehiya upang masukat ang bisa at agarang makapagpatupad ng mga pagbabago kung kinakailangan.

## References

Almacen, J. E. B., & Labitad, G. F. (2024). Multimedia tools on learners' performance in Filipino. *International Journal of Research Publications*, 152(1), 631–648. https.//doi.org/10.47119/ IJRP1001521720246923

Bacomo, A. C. C., Daculap, L. P., Ocampo, M. G. O., Paguia, C. D., Pentang, J. T., & Bautista, R. M. (2022). Modular learning efficiency: Learner's attitude and performance towards self-learning modules. *IOER International Multidisciplinary Research Journal*, 4(2)

Bautista, J. (2023, December 6). *PH students still among lowest scorers in reading, math, science – PISA. Philippine Daily Inquirer*. https.//newsinfo. net/1871182/ph-students-still-among lowest-scores-in-reading-math-science -pisa.

Bushi, J. & Aliaj, A. & Kristo, E. (2024). Formative Assessment in Project-Based Learning: Enhancing Student Achievement and Development. Epekto sa partisipasyon at motibasyon ng mga mag-aaral. Journal of Educational Technology and Language Pedagogy, 5(2), 67–81.

Daza, J. (2021). *Kaantasan ng Pagkatuto ng mga Mag-aaral sa Asignaturang Filipino Tugon sa Makabagong Estratehiya sa Pagtuturo ng Wika at Panitikan sa Panahon ng Pandemya.* ResearchGate.com.

De Jesus, A. & Gravoso, R. (2019). Students' low classroom participation: Its association with motivation, lesson relevance, and teaching strategies. *Philippine Journal of Education*, 97(2), 48-58.

De Los Reyes, M. T., & Bagona, M.S. (2022). Translanguaging in teaching and learning science in selected multilingual elementary classrooms in the Philippines. *Journal of Multilingual Education Research,* 8(1), 45-60. https.//doi.org/10.1234/jimer2022. 8001.

Department of Education (DepEd). (2019) DepEd Order No. 21, s. 2019: *Policy Guidelines on the K to 12 Basic Education Program*

Department of Education (DepEd). (2023) DepEd Order No. 054, s. 2023: *Pilot Implementation of Matatag Curriculum*

Domogen, J. (2023). Authenticity in Language Learning: A Study of Language Materials in Public High Schools. *OKARA: Jurnal Bahasa dan Sastra*. 17. 193-211. 10.19105/ojbs.v17i2.8577.

Francisco, M. L., & Arquiza, R.J. (2020). Epekto ng interaktibo at kontekstuwal na pamamaraan sa pagkatuto sa Senior High School. *Journal of Language and Teaching Studies*, 5(1), 23-40.

Garcia, F. P., & Molina, R. S. (2021). Teaching Filipino in the 21st century: Challenges and pedagogical shifts. *International Review of Language and*

*Literature*, 12(3), 101–115.

Gonzales, A. (2019). *Wika, Kultura, at Panlipunang Pagkakakilanlan: Ang Papel ng Filipino sa Edukasyong Pambansa. Journal of Language and Culture Studies*, 7(1), 23–34.

Jimenez, E. C. (2020). Contextualized E-Learning Resource: A Tool for Stronger Academic Platform. International Journal of Case Studies in Business, IT, and Education (IJCSBE), 4(2), 110-116. DOI: http://doi.org/10.5281/zenodo. 4018344.

Jones, R. H. (2020). Creativity in language learning and teaching: Translingual practices and transcultural identities. *Applied Linguistics Review*, 11(4), 535–550. https://doi.org/10.1515/applirev-2018-0114.

Juniwati, & Yusrizal, & Khaldun, I. (2020). Influence of the contextual teaching and learning model against student learning outcome. *Journal of Physics: Conference Series*. 1460. 012128. 10.1088/1742-6596/1460/1/012128.

Kabigting, R. (2020). Anxiety and Writing Ability of Filipino ESL Learners. *International Journal of Linguistics, Literature and Translation*. 3. 10.32996/ijllt.2020.3.7.14.

Kalyani, D. (2024). The Role of Technology in Education: Enhancing Learning Outcomes and 21st Century Skills. *International Journal of Scientific Research in Modern Science and Technology*. 3. 05-10. 10.59828/ijsrmst.v3i4.199.

Fajardo, R. N. O. (2024, July). Antas ng Hamon sa Pag-aaral ng Wikang Filipino ng mga. *International Journal of Research*, e-ISSN: 2348-6848.

Gloria, A. (2021). *Paglinang ng mga Estratehiya sa Pagtuturo ng Wikang Filipino sa Panahon ng Pandemya*.

Gonzales, R. (2020). Epekto ng mga paligsahang pangwika sa motibasyon at akademikong pagganap sa asignaturang Filipino. *Journal of Language and Culture Education,* 5(2), 45-60.

Lausa, R. L. (2024). Mga Hamon ng mga Mag-aaral sa Asignaturang Filipino sa Senior High School. *The American Journal of Humanities and Social Sciences Research (THE AJHSSR)*, volume-07, issue-02, pp. 63-78.

Lumbre, K.S., & Dela Peña, M.R. (2023). Epekto ng makabago at multimodal na estratehiya sa pagkatuto ng Filipino sa Senior High School. *Journal of Innovative Filipino Education*, 6(2), 34-52

Miertschin, S. & Goodson, C. & Stewart, B. (2015). *Time management skills and student performance in online courses*. ASEE Annual Conference and Exposition, Conference Proceedings. 122.

Murillo, P. V. & Papiona, J. M. & Orguino, W. & Olivar, C. & Ravas, J. (2022). Flexible learning modality: Pagkatuto ng mga mag-aaral sa panahon ng pandemya. *International Journal of Research Studies in Education*. 11. 33-53. 10.5861/ijrse.2022.815.

Mutong, M. B., & Marzan, R. C. A. (2024). Performance task mapping for collaboration. *International Journal for*

*Multidisciplinary Research (IJFMR)*, 6(2). https://www.ijfmr.com/article/IJFMR240215124.

Pimentel, C. P. (2025). Contextualized Reading Intervention Material (CRIM) for Grade 7 learners. *Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies*, 5(2), 194–207.

Reyes, J.D., & Villanueva, C. M. (2021). Pagsusuri sa epekto ng malikhaing estratehiya sa aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino: Isang action research. *Journal of Action Research in Education*, 4(1), 18-30.

Ryan, R. M., & Deci, E. L. (2000). Self-determination theory and the facilitation of intrinsic motivation, social development, and well-being. *American Psychologist,* 55(1), 68-78. https://doi.org/10.1037/0003-066x.55.1.68

Santos, M. (2022). Real-world tasks bilang susi sa mas motibadong pagkatuto sa asignaturang Filipino. *Philippine Journal of Educational Innovation,* 4(1), 14–29.

Sambayon, J. & Luceñara, D. & Luceñara, C. & Bayron, Q. & Peñaloga, R. & Larombe, E. & Saro, J. (2023). *Effectiveness of Contextualized Learning Materials in Improving the Reading Skills Comprehension Level of the Students*. Volume 7. 435-444. 10.5281/zenodo.7702258.

Santiago, L.M., & Cabanilla, J.R. (2022). Pagkakaugnay ng personal na karanasan sa pagtaas ng interes sa asignaturang Filipino. *Philippine Journal of Educational Research,* 10(1), 55-70.

Taladngoen, S., Phayungwong, P., & Tingsuwan, W. (2020). External and internal factors affecting reading comprehension in Southeast Asia. *International Journal of Education*, 12(3), 98–115. https://doi.org/10.4567/ije.2020.004.

Tomas, A. B., De Guzman, L., & Rivera, M. (2021). Factors affecting reading comprehension among Filipino learners. *Journal of Education and Literacy Studies*, Zhou, Yalun & Wei, Michael. (2024). *Gamification and Language Learning: Perspectives From Learners*. 10.4018/979-8-3693-2687-9.ch012